*MALAY 35(2) Hunyo 2023, pp. 65–87*

# Komparatibong Pananaliksik sa mga Etnikong Estereotipo sa mga Ilocano, Itawes, at Ibanag sa Lungsod ng Tuguegarao, Cagayan /

# *Comparative Research on Ethnic Stereotypes among Ilocanos, Itawes and Ibanags in Tuguegarao City, Cagayan*

Rosette B. Balisi
Colegio San Agustin, Makati City, Philippines
r.balisi@csa.edu.ph

Guadalupe B. Cagurangan
Andarayan Elementary School
guadalupe.cagurangan@deped.gov.ph

Ang Lungsod ng Tuguegarao sa Cagayan ay maituturing na isang multikultural at multietnikong lugar na namamayani ang mga etnolingguwistikong pangkat ng mga Ilocano, Itawes, at Ibanag. Sa tulong ng metodolohiya nina Katz at Braly na nilapatan ng modipikasyon nina Mendoza et al., napagtagumpayan ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod na layunin: 1) nalaman ang 12 pangunahing katangiang estereotipo ng etnolingguwistikong pangkat, 2) nakalkula ang uniformity indeces ng bawat etnolingguwistikong pangkat, 3) nalaman ang pagkapositibo/pagkanegatibo indices ng mga etnolingguwistikong pangkat 4) napaghambing ang 12 pangunahing mga katangiang estereotipo ng etnolingguwistikong pangkat, 5) napaghambing ang uniformity indices at, 6) napaghambing ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng mga etnolingguwistikong pangkat. Napag-alaman na ang mga nangungunang etnikong estereotipo sa mga Ilocano ay kuripot, masarap magluto ng pinakbet, mabait, madasalin, masipag, maunawain, matapang, mataray, disiplinado, matulungin, may bayanihan, madaldal, at madiskarte. Sa mga Itawes ay masipag, mabait, madasalin, masunurin, naniniwala sa mga santo, mapagmahal, matatag, disiplinado, maaasahan, malapit sa pamilya, maparaan, maunawain. Samantalang sa mga Ibanag ay gumagawa ng mga salawikain (unoni) at mga bugtong (palavvun), madasalin, mapamahiin, delikadesa, naniniwala sa tradisyon at kultura, may bayanihan, matulungin, mabait, matiyaga, magalang, mapagmahal, at masipag. Napag-alaman ding parehong mayroong dalawang bilang ng mga magkakahalintulad na katangian ang mga Ilocano at Itawes, at Ilocano at Ibanag. Ang tatlong etnolingguwistikong pangkat ay mayroong tatlong magkakahalintulad na katangian, ang pagiging madasalin, mabait, at masipag. Batay sa uniformity indeces ng tatlong etnolingguwistikong pangkat, lumalabas na sa mga Ilocano ang mayroong pinakamalinaw na pagkasang-ayon at sa mga Itawes naman ang mayroong pinakamalabong pagkasang-ayon.

**Mga Susing Salita:** *Etnikong Estereotipo; Estereotipo; Ibanag; Ilocano; Itawes*

Copyright © 2023 by De La Salle University


*Tuguegarao City in Cagayan is considered a multicultural and multi-ethnic place where the ethnolinguistic groups of the Ilocanos, Itawes, and Ibanag predominate. With the help of the methodology of Katz and Braly and the modification by Mendoza et al., this research was able to achieve the following: 1) listed the 12 main stereotypes of each ethnolinguistic group, 2) calculated the uniformity index of each ethnolinguistic groups, 3) determined the positivity/negativity indices of each ethnolinguistic groups 4) compared the 12 main stereotypes of the ethnolinguistic groups, 5) compared the uniformity indices and, 6) compared the positivity/negativity of the ethnolinguistic groups. It was found that the leading ethnic stereotypes among the Ilocanos are "kuripot," "masarap magluto ng pinakbet," "mabait," "madasalin," "masipag," "maunawain," "matapang," "mataray," "disiplinado," "matulungin," "may bayanihan," "madaldal," and "madiskarte." The Itawes are "masipag," "mabait," "madasalin," "masunurin," "naniniwala sa mga santo," "mapagmahal," "matatag," "disiplinado," "maaasahan," "malapit sa pamilya," "maparaan," and "maunawain." While the Ibanags are "gumagawa ng mga salawikain (unoni) at bugtong (palavvun)," "madasalin," "mapamahiin," "may delikadesa," "naniniwala sa tradisyon at kultura," "may bayanihan," "matulungin," "mabait," "matiyaga," "magalang," "mapagmahal," and "masipag." It was also found that Ilocanos and Itawes, and Ilocanos and Ibanags shared most number of traits and the three ethnolinguistic groups have three similar traits and these are "madasalin," "mabait," and "masipag." Based on the uniformity indices of the three ethnolinguistic groups, the Ilocanos ethnic stereotype is the sharpest while the Itawes ethnic stereotype is the blurriest.*

***Keywords***: *Ethnic Stereotypes; Ibanag; Ilocano; Itawes; Stereotypes*

## PANIMULA

Ang Lungsod ng Tuguegarao ay ang kapitolyo ng probinsiya ng Cagayan, simula pa noong Mayo 24, 1839, na makikita sa hilagang bahagi ng Luzon. Mayroon itong lawak na 113.95 kilometro kuwadrado at kinapapalooban ng 49 na barangay. Naging ganap na lungsod ito noong Disyembre 18, 1999 at sa kasalukuyan ay mayroong kabuuang populasyon na 166,334, ang pinakamalaking populasyon sa Rehiyon II batay na rin sa datos ng Philippine Statistics Authority noong 2020 na inilabas noong ika-23 ng Agosto, 2021. Makikitang nakasaad sa profile ng website ng Tuguegarao (tuguegaraocity.gov) na ang salitang *Tuguegarao* ay nagmula sa Ibanag na salitang *Tuggui gare yaw* na nangangahulugang "sunog ito" dahil sa paniniwalang umusbong ang lugar na ito mula sa nasusunog na kagubatan. Nakasaad din mismo sa bisyon ng lungsod na ito ang nangungunang matalinong lungsod ng Ibanag, na ang isa sa labing-anim na pangunahing tunguhin ay ang pagpapaunlad ng turismo at kultura ng mga Ibanag. Mapapansin na simula pa noong unang panahon, Ibanag na ang pangunahing wikang mayroon sa lungsod na ito subalit dahil sa mabilis na mobilisasyon ay nagkaroon na ng iba't ibang pangkat etniko sa lungsod. Sa paglipas ng mga taon, tinaguriang Regional Center ng Lambak ng Cagayan ang lungsod ng Tuguegarao. Nagsisilbi na rin ang lungsod bilang instrumento sa pangangalakal sa malalapit na lugar katulad ng Rehiyon ng Ilocos at Cordillera Administrative Region na naging dahilan ng migrasyon ng iba't ibang etnolingguwistikong pangkat na naninirahan malapit dito.

Ipinakikita sa pigura 1 ang mapa ng politikal at etnolingguwistikong pangkat ng Cagayan. Mapapansin na sa hilagang bahagi ng Lungsod ng Tuguegarao, ang pangunahing wikang ginagamit ay Ilocano, habang sa Timog na bahagi naman nito ay ang Itawes, samantalang ang pangunahing wikang ginagamit sa Lungsod ng Tuguegarao ay Ibanag. Sa kasalukuyang panahon, mayroon na ring gumagamit ng Tagalog, Ilocano, at Itawes sa lungsod.




**Pigura 1.** Mapa ng Cagayan na Nagpapakita ng Kompositong Politikal at Etnolingguwistikong Pangkat

*Ang mga Ilocano*

Sa aklat ni Andres, binigyang diin niya ang sinabi ni de los Reyes noong 1889, ang mga Ilocano na nanirahan sa rehiyon ng Ilocos ay halong Malay, mestisong Tsino, at halong Malayan-Negrito (32–33). Ayon kay Andrion, masisipag ang mga Ilocano dahil na rin sa kanilang pagpupursiging gumawa ng paraan na magkaroon ng kabuhayan. Hindi sila nanatili lamang sa Ilocos bagkus nandarayuhan pa sila sa mga karatig na lugar maging sa ibang bansa katulad ng Hawaii at North Borneo upang magsumikap. Nakapagtataka rin na sa kanilang lugar na nililipatan ay nagiging mas marami pa ang kanilang lahi kaysa orihinal na lahing nakasasakop sa lugar na iyon. Sa kanilang pisikal na anyo, kapansin-pansin na maliit lamang sila, mayroong singkit na mga mata at matataas na *cheeckbones*. Maituturing din silang mga relihiyoso, masiglang manggagawa, magaling makipaglaban, magalang, ayaw ng gulo, matapat, mayroong mababang loob at mapagpakumbaba (20–21). Sinang-ayunan ni Andres ang mga katangiang nabanggit ni Andrion. Dagdag pa niya na matitipid ang mga Ilocano kaya naman nababansagan silang kuripot. Marunong din silang tumanaw ng utang na loob sa kanilang kapuwa at naniniwala rin sa kapalaran o tadhana (33). Dagdag pa ni Jocano, ang mga Ilocano ay naniniwala sa suwerte, may respeto sa kapuwa, mapagbigay, naiinggit, sensitibo, at naniniwala sa mga bagay na hindi nakikita.

*Ang mga Itawes*

Ayon kay Tamayao, karaniwang nakatira ang mga Itawes malapit sa Ilog ng Matalag sa Cagayan, Iguig, Peñablanca, Piat, Enrile, Tuao, Amulung, at ilang baryo sa Lungsod ng Tuguegarao. Binaggit din ni Tamayao sa kanyang pag-aaral na ayon kay Mallao noong 1987, itinuturing ng mga lokal na historyador na Binyagang Kalinga ang mga Itawes at kilala bilang mga magsasaka at tagagawa ng palayok. Dagdag pa niya, maituturing na pareho ang pinagmulan ng mga Ibanag at ng mga Itawes dahil magkalapit ang kanilang

mga wika at kultura. Kahit na magkaiba sila ng tawag, kilala pa rin sila sa pagkakaroon ng magkaparehong elemento sa kanilang mga wika, gawi at paniniwala at kanilang bayani sa kanilang alamat na sina Biuag at Malana (36–37). Lumabas naman sa pag-aaral na isinagawa ni Siplac sa mga salawikain ng mga Itawes ang mga sumusunod na katangian: huwag maghiganti, maging alerto sa pagtulong, pagkakaroon ng utang na loob, gumawa ng kabutihan sa kapuwa, matutong manahimik, pagiging mapangarap at masipag, pagkakaroon ng payak na pamilya, pagiging mabuti sa kapuwa at huwag maging ganid (137–142).

*Ang mga Ibanag*

Ayon kay Clemete, na nakasaad sa pananaliksik ni Yabes, karaniwang matatagpuan ang mga Ibanag sa Lambak ng Cagayan sa pulo ng Luzon; subalit sa kasalukuyan, marami na rin sa kanila ang hindi na naninirahan pa sa lambak ng Cagayan. Pinaniniwalaang bahagi sila ng mandaragat na lahing Malay at Indonesian na sumakop sa hilaga. Noong panahon ng mga Espanyol, pinatunayan ng mga Ibanag ang kanilang pagiging matapang. Subalit noong nabasbasan na ng pagiging Kristiyano ang mga Ibanag, naging pinakamabait at palakaibigan na silang pangkat. Itinuturing silang kabigha-bighaning mga tao dahil na rin sa kanilang taglay na naiibang kultura (1–5). Batay sa isinagawang panayam ni Yabes kay Estrada, maituturing na ang mga Ibanag ay isang hindi makabuluhang pangkat sa bansa. Mas naungusan sila ng mga Ilocano, Pampango, at Tagalog na umalis sa kanilang mga lugar at nakapag-ari ng mga lupa at naging mayaman. Maaari ring tawagin ang mga Ibanag na mga taong walang pakialam dahil sa kanilang pagpapabaya sa kanilang lupang pagmamay-ari. Dagdag pa niya, maituturing ang mga Ibanag na napakatahimik, mapagpakumbaba, mabuting tao, ayaw ng gulo at nagbabahagi ng anomang mayroon sila. Sila rin ay hindi nagmamadali, naniniwala sa mga pamahiin, nagtatrabaho sila upang matustusan ang kanilang pangangailangan at hindi upang yumaman, hindi sila nag-iimbak at binabansagan silang tamad dahil na rin sa kanilang kawalan ng plano sa buhay (2–4).

*Etnikong Estereotipo*

Sa isang lugar na mayroong iba't ibang etnolingguwistikong pangkat, hindi maiiwasang magkaroon ng mga estereotipo sa bawat lahi. Ang estereotipo ay pagbibigay-turing sa isang grupo o indibidwal ng mga katangiang maaaring kumatawan sa kanilang pagkakakilanlan. Ang mga katangiang ito ay hindi totoo o bahagyang may katotohanan lamang batay sa hindi kritikal na paghatol ng mga indibidwal. Ayon kina Izumi at Hammonds, ang estereotipo ay hindi maiiwasan, hindi mapipigil at mahirap supilin (845). Ang ganitong kaisipan ay dahil din sa mga bagay na nababasa, naririnig, at napapanood ng isang indibidwal na nakabubuo ng pangkalahatang kaisipan sa isang pangkat. Binigyang kahulugan naman nina Andersen, Klatzky, at Murray, ang estereotipo bilang isang organisadong klase ng panlipunang estruktura upang maitatag ang isang kognitibong iskemata (192). Binibigyang pansin nito na ang estereotipo ay ginagamit ng isang indibidwal upang maisaayos sa kaniyang isipan ang kalaaman hinggil sa partikular na pangkat. Nagiging gabay rin ito sa kaniyang mga kognitibong gawain at kilos. Samakatwid, ginagamit ito ng isang indibidwal upang maging batayan sa kaniyang paraan ng pakikisalamuha sa iba't ibang pangkat na kaniyang makakasalamuha. Idinagdag pa nila, na kadalasang nakabatay sa pisikal na anyo at sa mga lantad na katangian ng pangkat na kinabibilangan nito ang mga estereotipo. Ayon pa kay Lippmann sa kaniyang akdang *Public Opinion* noong 1921, kadalasang inilalarawan agad ang isang tao bago ito kilalanin kaysa kilalanin muna bago ilarawan. Sinasang-ayunan nito ang naunang konsepto na nauuna nating bigyang pansin ang mga pisikal na anyo ng isang tao sa halip na makilala pa nang husto. Binigyang pansin din ni Lippmann na nagkakaiba ang paglalarawan ng isang tao sa isang bagay batay sa kaniyang karanasan sa paggamit nito. Tulad din ng tao, nagbabago ang pananaw nito sa isang pangkat batay rin sa karanasan sa pakikisalamuha sa kapuwa. Isa rin sa mga punto na kaniyang binigyang-diin ay ang konsepto na mas pinipili ng isang indibidwal na tukuyin siya batay sa pagkakalarawan sa kaniya ng kaniyang kulturang kinabibilangan. Dagdag pa niya, na mayroong pagkakataong maramdaman ng isang indibidwal na ang napili niyang paglalarawan ay mula sa mga estereotipo sa kaniyang kultura. Kadalasan, tinatanggap na lamang ng tao ang mga estereotipong katangiang ito bilang kumakatawan sa kanyang pagkakakilanlan ng lahi o etnikong kinabibilangan.

Isinagawa naman nina Katz at Braly noong 1933 ang pag-aaral tungkol sa *Racial Stereotype of 100 College Students* upang masuri ang pagkakapareho sa salik ng diskriminasyon laban sa iba't ibang lahi na ipikikita ng mga Amerikano sa buong Estados Unidos (280–290). Nakalikom sila ng 84 na katangian na naging bahagi ng pagpipilian ng mga kalahok sa Pamantasan ng Princeton. Lumabas sa kanilang pag-aaral na may pinakapositibong estereotipo ng lahi ang mga Amerikano, Aleman, at Ingles habang may negatibong estereotipo naman ang mga lahi ng mga Afrikanong Amerikano, Turko, at Italyano. Batay rin sa kanilang pag-aaral, kapag mas malaki ang bilang ng uniformity index, mas malabo ang pagkakasang-ayon ng mga kalahok at kapag mas maliit ang bilang ng uniformity index, mas malinaw ang pagkakasang-ayon ng mga kalahok. Ang uniformity index ay ang panukat sa digri ng pagkasang-ayon ng mga kalahok sa isang partikular na pangkat. Ang komputasyon ng uniformity index ay sa pamamagitan ng pagbilang sa dami ng kailangang mga katangian upang maabot ang kalahati ng kabuuang bilang ng mga pagpipilian ng mga kalahok. Sa kanilang ginawang pag-aaral, lumabas na ang mga Afrikanong Amerikano, Aleman, at Hudyo ang may pinakamalinaw na pagkakasang-ayon at ang mga Turko, Tsino, at Hapon naman ang pinakamalabong pagkakasang-ayon.

Binigyang puri naman ni Brigham ang ginawang pag-aaral nina Katz at Braly sa kaniyang pag-aaral patungkol sa *Ethnic Steroetypes* (16–19). Ayon sa kaniya, ang pasimulang pag-aaral na ginawa nina Katz at Braly ay isang magandang simula upang masuri nang husto ang estereotipo sa bawat lahi. Subalit binigyang diin niya na kinakailangang maging maingat ang mga mananaliksik upang maiwasang gawing pangkalahatang pantukoy ang mga katangiang natuklasan sa pangkat na iyon. Ang pagsusuri sa estereotipong katangian ay ginawa upang malaman ang mga estereotipong katangiang namamayani sa isang lahi. Makatutulong din itong maging daan upang maiwasan ang diskriminasyon at hindi pagkakapantay-pantay lalo na dahil sa mga negatibong katangiang iniuugnay sa bawat pangkat etniko.

Ayon naman kay Gardner, sa kaniyang artikulo na "Stereotypes as Consensual Beliefs" sa aklat na *The Psychology of Prejudice: The Ontario Symposium*, kaniyang binigyang diin na ang pag-aaral na isinagawa nina Katz at Braly ay inilalarawan lamang ang etnikong pangkat subalit hindi ang bawat miyembro o pangkalahatang bilang ng mga pangkat na ito (6–29). Kaniya ring binigyang diin na mahirap na gawing pangkalahatan ang mga etnikong estereotipo lalo na kung ang kalalabasan ng *frequency* ay hindi aabot sa kalahati ng kabuuang bilang ng mga kalahok o 50% nito. Isa rin sa mga konseptong kaniyang binigyang diin na nakatulong sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito ay ang pagbibigay-diin sa mga karanasan o obserbasyon ng isang miyembro ng etnikong pangkat at hindi pagtingin sa mga bagay na kaniyang nabasa, napanood o napakinggan lamang. Samakatwid, ang persepsiyon ng isang indibidwal tungo sa isang miyembro ng etnikong pangkat ay maiiba depende sa kaniyang karanasan at hindi batay sa mga kaisipan na kaniyang napanood o nabasa. Kaya naman kinakailangang matiyak na nakasalamuha ng kalahok sa pananaliksik na ito ang mga Ilocano, Itawes, at Ibanag.

Sa isang pag-aaral naman na ginawa ni Gardner noong 1969 tungkol sa "Ethnic Stereotypes: The Role of Contact," lumabas na maaaring magbago ang pagtingin ng isang indibidwal sa isang etnolingguwistikong pangkat kapag nagkaroon siya ng imersiyon dito (23–24). Lumabas sa kaniyang eksperimental na pag-aaral na lumabo ang estereotipo ng mga Amerikano sa mga Pilipino noong nanirahan sila sa Pilipinas sa loob ng walo't kalahating buwan dahil sa kanilang mga karanasan kasama ang mga ito sa isang mas malawak na kapaligiran. Sa kabilang banda naman, luminaw ang estereotipo ng mga Amerikanong guro sa mga Pilipinong mag-aaral noong sila ay nagturo sa mga ito. Samakatwid, binibigyang diin ng pag-aaral na ito na ang estereotipo ng isang indibidwal ay nag-iiba batay sa tagal ng pagkakalantad niya sa lugar na iyon at sa kaniyang karanasan. Ang pagkakaroon ng malinaw na estereotipo sa kaniyang pag-aaral ay nagpapakita na dahil maliit lamang ang konteksto na mayroon sa loob ng paaralan kumpara sa mga naranasan ng mga Amerikano sa labas ng paaralan, mas mabilis na nagkakaroon ng estereotipo ang mga tao kumpara sa mga Amerikanong naranasan mismo ang buhay sa Kamaynilaan.

Mayroong mga pag-aaral na sa Pilipinas ang sumunod sa metodolohiya nina Katz at Braly. Isa sa mga pag-aaral na ito ang kay Berreman noong 1958 tungkol sa "Filipino Stereotypes of Racial and National Minorities" na isinagawa sa Unibersidad ng Pilipinas (8). Sa kaniyang pag-aaral, nagkaroon siya ng modipikasyon sa metodolohiya upang matiyak na

maibibigay ng mga kalahok ang mga pangunahing katangian na sa tingin nila ay naglalarawan nang husto sa iba't ibang nasyonalidad na bahagi ng pananaliksik: Tsino, Hapones, Indian, Mapuputing Amerikano, Afrikanong Amerikano, at Espanyol. Binigyang pansin sa kaniyang pag-aaral na ang estereotipong katangian ng isang pangkat ay nagbabago depende sa karanasan at tagal ng pakikisalamuha ng mga taong nakapaligid dito kaya naman mababa ang posibilidad na ito'y maging permanente. Bukod pa roon, kahit wala pang direktang ebidensiya na mayroong ugnayan ang tagal ng pakikisalamuha sa hindi pagbabago ng estreotipo, hindi maitatatwa na ang mga ito ay mahalagang konsepto sa pag-aaral nito.

Sa kasalukuyang panahon, nagkaroon ng pag-aaral sina Mendoza, et al. noong 2019 sa Tarlac University; mayroon silang tatlong etnolingguwistikong pangkat na sinuri (45–49). Nagkaroon ng kabuuang 162 katangian ang kanilang nalikom bilang bahagi ng kanilang pag-aaral. Lumabas sa kanilang pag-aaral na ang may pinakamalinaw na pagkakasang-ayon ng mga kalahok ay ang etnolingguwistikong pangkat sa mga Ilocano, samantalang ang pinakamalabo naman ay sa mga Tagalog. Napag-alaman din sa kanilang pag-aaral na ang mga Ilocano at Tagalog ay mas maraming magkakahalintulad na mga katangian kompara sa mga Ilocano at Kapampangan. Mapapansin na ang kanilang ginawang pag-aaral ay *locally constructed* batay sa etnolingguwistikong pangkat na kanilang sinuri na kaiba sa ginawa nina Katz at Braly. Kung babalikan, mapapansin na sa ginawang pag-aaral nina Katz at Braly, ito ay nakatuon sa iba't ibang nasyonalidad na hindi kabilang sa mga kalahok. Samantalang sa isinagawang pag-aaral nina Mendoza et al., mas nakatuon ito sa iba't ibang lahi na nabibilang sa iisang nasyonalidad.

Sa isa pang pag-aaral na isinagawa naman nina Toring, et al. noong 2019 sa Visayas State University, nakatuon ang mga mananaliksik sa paghahambing ng dalawang etnolingguwistikong pangkat (34–41). Lumabas sa kanilang pag-aaral na may pinakamalinaw ang pagkakasang-ayon ang etnikong estereotipo para sa mga Waray Leyteño kompara sa mga Cebuano Leyteño. Sa pag-aaral na ito, kapareho rin ang ginawang metodolohiya sa ginawang pag-aaral nina Mendoza et al. na locally constructed din ang mga katanungan at isinagawa sa isang kilalang pamantasan sa kanilang lugar.

Mapapansin na ang dalawang pag-aaral ay nakatuon sa isang pamantasan, kaya naman nais ng pananaliksik na ito na lumabas sa konteksto ng pamantasan at gawing kalahok ang mga indibidwal na nakatira mismo sa lungsod ng Tuguegarao. Ang mga kalahok ay magmumula sa nasabing lungsod dahil dito nagkakaroon ng interaksiyon ang iba't ibang indibidwal dahil sa pagiging sentro nito ng komersiyo at pakikipagkalakalan. Gayunman, bibigyang pansin pa rin sa pananaliksik na ito ang anim na layunin: 1) pagtatala sa 12 pangunahing katangiang estereotipo ng etnolingguwistikong pangkat, 2) pagkalkula sa uniformity indeces ng bawat etnolingguwistikong pangkat, 3) pag-alam sa pagkapositibo/pagkanegatibo ng mga etnolingguwistikong pangkat 4) paghahambing ng 12 pangunahing mga katangiang estereotipo ng etnolingguwistikong pangkat, 5) paghahambing ng uniformity indeces at, 6) paghahambing sa pagkapositibo/pagkanegatibo ng mga etnolingguwistikong pangkat. Ang pananaliksik sa etnikong estereotipong ito ay isang paraan upang maging mas mulat ang mga etnolingguwistikong pangkat isa isa't isa na makatutulong sa mas maayos na pakikisalamuha nila. Makatutulong din ito upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan, diskriminasyon at hindi pagkakapantay-pantay sa bawat etnolingguwistikong pangkat dahil sa mga negatibong katangian na iniuugnay sa kanila.

## Metodolohiya

Ang ginawang modipikasyon sa metodolohiya nina Mendoza, et al., ang siyang naging huwaran ng pananaliksik na ito na ang talatanungan ay locally constructed. Ang etnolingguwistikong pangkat na kabilang sa pananaliksik na ito ay bahagi rin ng mga kalahok.

### *Kalahok ng Pag-aaral*

Magkakaroon ng 20 kalahok sa bawat etnolingguwistikong pangkat sa unang bahagi ng pangangalap ng impormasyon hinggil sa estereotipo sa mga Ilocano, Itawes, at Ibanag, na mayroong kabuuang 60 kalahok. Nakasaad din mismo sa mga ipinamahaging talatanungan na kinakailangang ang mga paglalarawang kanilang ibibigay ay batay sa kanilang mga karanasan sa pakikihalubilo sa dalawang etnolingguwistikong pangkat na kabilang sa pananaliksik na ito. Kinakailangan din na sila ay matagal nang naninirahan sa lungsod ng Tuguegarao.




**Figura 2.** Batayang Konseptuwal ng Panunuri ng Datos

*Pangangalap ng Datos*

Sa unang bahaging ito, kinakailangang mailarawan ng mga kalahok ang dalawang etnolingguwistikong pangkat batay sa kanilang mga karanasan sa pakikisalamuha sa kanila sa lungsod. Ang mga Ilocano ay ilalarawan ang mga Itawes at Ibanag, ilalarawan naman ng mga Itawes ang mga Ilocano at Ibanag at ilalarawan naman ng mga Ibanag ang mga Ilocano at Itawes. Pagkaraan ng inisyal na pangangalap ng datos, nakalikom ang mananaliksik ng 160 katangiang naging bahagi ng mga pinagpilian sa ikalawang pangangalap ng datos na nakatala sa Apendiks A.

Sa pangalawang pangangalap ng datos, lumikha ang mananaliksik ng isang Google Form na sasagutan ng 50 kalahok sa bawat etnolingguwistikong pangkat. Ang mga indibidwal na naging kalahok sa inisyal na pangangalap ng datos ay hindi na maaaring maging bahagi pa ng pangalawang pangangalap ng datos. Ang mga kalahok ay binigyan ng panuto na kinakailangang mamili muna sila ng 20 estereotipong katangiang naglalarawan sa mga etnolingguwistikong pangkat batay sa kanilang karanasan sa pakikisalamuha sa kanila. Pagkaraan nilang makapili ng 20, kinakailangan nilang piliin mula rito ang limang (5) pinakapangunahing katangian ng mga etnolingguwistikong pangkat. Ang inisyal na pagpili sa 20 estereotipong katangian ay makatutulong upang maiwasan ang pagpokus ng mga kalahok sa mga katangiang makikita lamang sa unang bahagi ng pagpipilian. Ginawa rin ito upang matiyak

na maisama ang mga katangiang talagang naranasan nila sa pakikisalamuha sa bawat etnolingguwistikong pangkat. Pagkalipas ng ilang linggo ay nagkaroon ng modipikasyon ang mga mananaliksik sa pagkalap ng datos dahil kanilang napansin na kakaunti pa lamang ang nakatutugon dahil mayroong ilang lugar na mahina ang koneksiyon sa Internet at ang ilan naman ay hindi gamay ang paggamit ng form. Kaya naman nagkaroon na rin ng nakalimbag na talatanungan upang mas maging mabilis ang pangangalap ng impormasyon. Sa dalawang pangangalap ng datos, tiniyak ng mga mananaliksik na lahat ng naging kalahok sa pananaliksik na ito ay sumang-ayon sa mga kahingian para rito.

*Pagsusuri ng Datos*

Makikita sa pigura 2 ang paraan ng panunuring ginawa sa mga datos na nakalap mula sa mga kalahok ng pananaliksik na ito.

Batay sa unang layunin ng pananaliksik na ito, pagsasamahin ang mga nakuhang impormasyon mula sa dalawang etnolingguwistikong pangkat: Ilocano at Itawes, Ilocano at Ibanag, at Itawes at Ibanag. Mula rito ay nakuha ang 12 pangunahing katangiang estereotipo ng etnolingguwistikong pangkat na inilalarawan.

Batay sa ginawang pag-aaral nina Katz at Braly, masusukat ang uniformity index ng isang etnolingguwistikong pangkat sa pamamagitan ng pagkalkula sa frequency ng mga katangian na katumbas ng kalahati ng lahat ng pagpipilian ng mga kalahok. Binibigyang pansin ng kanilang pag-aaral na kapag mas maliit ang uniformity index ng isang etnolingguwistikong pangkat, mas malinaw ang pagkakasang-ayon sa estereotipo nito at kapag mas malaki naman ang uniformity index ay mas malabo ang ang pagkakasang-ayon sa estereotipo nito. Sa kasalukuyang pananaliksik, mayroong 100 kalahok mula sa kombinasyon ng dalawang etnolingguwistikong pangkat: Ilocano at Itawes, Ilocano at Ibanag, at Itawes at Ibanag. Ang bawat kombinasyon ay mayroong limang pangunahing katangiang napili na nagresulta sa kabuuang 500 pagpipilian, na ang kalahati ay 250. Kapag perpekto ang pagkakasang-ayon ng 100 kalahok, 2.5 lamang na katangian ang kailangan para makuha ang kabuuang frequency na 250 at kapag may perpektong di-pagkakasang-ayon ng 100 kalahok, 80 katangian ang kailangan para makuha ang kabuuang frequency na 250.

Sa pagkalkula sa uniformity index ng bawat etnolingguwistikong pangkat, kinakailangang tandaan ang kalahati ng kabuuang bilang ng pagpipilian, sa kaso na ito ay 250. Ang *whole number* ay kumakatawan sa bilang ng katangiang bumubuo sa estereotipo ng etnolingguwistikong pangkat na kahanay ng pinakamalapit sa kabuuang bilang ng pagpipilian sa komulatibong bilang ng mga pagpipilian. Sa pagkalkula naman ng *decimal figure*, kinakailangang i-subtract ang kabuuang bilang ng pagpipilian sa pinakamalapit na kumulatibong bilang ng mga pagpipilian. Pagkaraan ay tingnan ang kahanay na frequency nito at saka i-divide mula rito. Sa ganitong paraan makikita ang uniformity indeces ng mga etnolingguwistikong pangkat sa pananaliksik.

Sa pagkalkula naman ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng indices ng mga etnikong estereotipo, kinakailangang maihanay ang 12 pangunahing mga katangian bilang positibo, neutral at negatibo (tingnan ang Apendiks B para sa kompletong pagkakahanay ng 160 katangian). Pagkaraang maihanay, saka ibabawas ang mga negatibong katangian sa mga positibong katangiang nakuha ng bawat etnolingguwistikong pangkat. Sa ganitong pamamaraan makukuha ang bilang ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng mga etnolingguwistikong pangkat.

Sa paghahambing ng 12 pangunahing mga katangiang estereotipo ng bawat etnolingguwistikong pangkat, bibigyang pansin ang mga sumusunod: a) mga estereotipong katangian na pinagbabahagian ng mga Ilocano at Itawes, Ilocano at Ibanag at, Itawes at Ibanag, b) etnolingguwistikong pangkat na mayroong pinakamarami at pinakakaunting pinagbabahagiang katangian, at c) mga katangiang pinagbabahagian ng mga Ilocano, mga Itawes, at mga Ibanag.

Sa paghahambing ng mga uniformity indeces ng bawat etnolingguwistikong pangkat, bibigyang pansin ang mga sumusunod: a) pagtiyak sa pinakamalinaw at pinakamalabong etnikong estereotipo sa tatlong etnolingguwistikong pangkat, b) paghahambing sa mga uniformity indeces ng mga naunang pananaliksik.

Sa panghuling layunin ng pananaliksik na ito na paghahambing sa pagkapositibo/pagkanegatibo ng mga etnolingguwistikong pangkat, titingnan ang pangkat na mayroong pinakapositibo at pinakanegatibong etnikong estereotipo.

## Pagtalakay sa Resulta ng Pananaliksik

*Pagkakakilanlan ng mga Etnikong Estereotipo*

*Etnikong Estereotipong Katangian ng mga Ilocano*

Ipinakikita sa talahanayan 1 ang 12 pangunahing mga etnikong estereotipong katangian ng mga Ilocano batay sa paningin ng mga Itawes at Ibanag.

**Talahanayan 1.** Etnikong Estereotipong Katangian ng mga Ilocano

| Mga Katangian | Frequency mula sa mga Itawes | Frequency mula sa mga Ibanag | Kabuuang Frequency | Rank |
|---|---|---|---|---|
| Kuripot | 30 | 20 | 50 | 1 |
| Masarap magluto ng pinakbet | 15 | 6 | 21 | 2 |
| Mabait | 11 | 7 | 18 | 3 |
| Madasalin | 6 | 8 | 14 | 4 |
| Masipag | 6 | 7 | 13 | 5.5 |
| Maunawain | 6 | 7 | 13 | 5.5 |
| Matapang | 4 | 8 | 12 | 7.5 |
| Mataray | 6 | 6 | 12 | 7.5 |
| Disiplinado | 4 | 7 | 11 | 9 |
| Matulungin | 5 | 6 | 11 | 9 |
| responsible | 6 | 5 | 11 | 9 |
| May bayanihan | 3 | 7 | 10 | 12 |
| Madaldal magsalita | 9 | 1 | 10 | 12 |
| Madiskarte | 4 | 6 | 10 | 12 |

Batay sa mga kalahok na Itawes at Ibanag, narito ang mga pangunahing etnikong estereotipong katangian ng mga Ilocano: kuripot (n=50), masarap magluto ng pinakbet (n=21), mabait (n=18), madasalin (n=14), masipag (n=13), maunawain (n=13), matapang (n=12), mataray (n=12), disiplinado (n=11), matulungin (n=11), responsable (n=11), may bayanihan (n=10), madaldal (n=10), at madiskarte (n=10).

*Etnikong Estereotipong Katangian ng mga Itawes*

Ipinakikita sa talahanayan 2 ang 12 pangunahing mga etnikong estereotipong katangian ng mga Itawes batay sa paningin ng mga Ilocano at Ibanag.

**Talahanayan 2**

Etnikong Estereotipong Katangian ng mga Itawes

| Mga Katangian | Frequency mula sa mga Ilocano | Frequency mula sa mga Ibanag | Kabuuang Frequency | Rank |
|---|---|---|---|---|
| Sanay sa hirap | 9 | 13 | 22 | 1 |
| Masipag | 10 | 10 | 20 | 2 |
| Mabait | 6 | 10 | 16 | 3.5 |
| Simpleng pamumuhay | 7 | 9 | 16 | 3.5 |
| Madasalin | 6 | 8 | 14 | 5.5 |
| Masunurin | 7 | 7 | 14 | 5.5 |
| Naniniwala sa mga santo | 6 | 6 | 12 | 7 |
| Mapagmahal | 5 | 6 | 11 | 8 |
| Matatag | 1 | 10 | 11 | 8 |
| Responsable | 8 | 3 | 11 | 8 |
| Disiplinado | 5 | 5 | 10 | 11 |
| Maaasahan | 4 | 6 | 10 | 11 |
| Malapit sa pamilya | 3 | 7 | 10 | 11 |

Batay sa mga kalahok na Ilocano at Ibanag, narito ang mga pangunahing etnikong estereotipong katangian ng mga Itawes: sanay sa hirap (n=22), masipag (n=20), mabait (n=16), simpleng pamumuhay (n=16), madasalin (n=14), masunurin (n=14), naniniwala sa mga santo (n=12), mapagmahal (n=11), matatag (n=11), responsable (n=11), disiplinado (n=10), maaasahan (n=10), malapit sa pamilya (n=10), maparaan (n=10), at maunawain (n=10).

*Etnikong Estereotipong Katangian ng mga Ibanag*

Ipinakikita sa talahanayan 3 ang 12 pangunahing mga etnikong estereotipong katangian ng mga Ibanag batay sa paningin ng mga Ilocano at Itawes.

Batay sa mga kalahok na Ilocano at Itawes, narito ang mga pangunahing etnikong estereotipong katangian ng mga Ibanag: gumagawa ng mga salawikain (unoni) at mga bugtong (palavvun) (n=28), madasalin (n=26), mapamahiin (n=18), may delikadesa (n=16), responsable (n=14), naniniwala sa tradisyon at kultura (n=13), may bayanihan (n=12), matulungin (n=12), respetado (n=12), mabait (n=11), matiyaga (n=11), magalang (n=10), mapagmahal (n=10), at masipag (n=10).

*Uniformity Indeces ng mga Etnikong Estereotipo*

*Uniformity Index ng mga Etnikong Estereotipo sa mga Ilocano*

**Talahanayan 3**

Etnikong Estereotipong Katangian ng mga Ibanag

| Mga Katangian | Frequency mula sa mga Ilocano | Frequency mula sa mga Itawes | Kabuuang Frequency | Rank |
|---|---|---|---|---|
| Gumagawa ng mga salawikain (unoni) at mga bugtong (palavvun) | 16 | 12 | 28 | 1 |
| Madasalin | 12 | 14 | 26 | 2 |
| Mapamahiin | 15 | 3 | 18 | 3 |
| May delikadesa | 10 | 6 | 16 | 4 |
| Responsable | 8 | 6 | 14 | 5 |
| Naniniwala sa tradisyon at kultura | 7 | 6 | 13 | 6 |
| May bayanihan | 6 | 6 | 12 | 7 |
| Matulungin | 5 | 7 | 12 | 7 |

Ipinakikita sa talahanayan 4 ang komputasyon para sa uniformity index ng etnikong estereotipo sa Ilocano.

**Talahanayan 4.** Komputasyon ng uniformity index ng Etnikong Estereotipo sa mga Ilocano

| | Mga Katangian | Kabuuang Frequency | Komulatibong Bilang ng mga Pagpipilian |
|---|---|---|---|
| 1 | Kuripot | 50 | 50 |
| **2** | Masarap magluto ng pinakbet | 21 | 71 |
| **3** | Mabait | 18 | 89 |
| **4** | Madasalin | 14 | 103 |
| **5** | Masipag | 13 | 116 |
| **6** | Maunawain | 13 | 129 |
| **7** | Matapang | 12 | 141 |
| **8** | Mataray | 12 | 153 |
| **9** | Disiplinado | 11 | 164 |
| **10** | Matulungin | 11 | 175 |
| **11** | Responsable | 11 | 186 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **12** | May bayanihan | 10 | 196 |
| **13** | Madaldal | 10 | 206 |
| **14** | Madiskarte | 10 | 216 |
| **15** | Malinis | 9 | 225 |
| **16** | Mapamahiin | 9 | 234 |
| **17** | Matipid | 9 | 243 |
| **18** | Madamot | 8 | 251 |
| **19** | Magalang | 8 | 259 |
| **20** | Mapagmahal | 8 | 267 |
| **21** | Maalalahanin | 7 | 274 |
| **22** | Masunurin | 7 | 281 |
| **23** | Matatag | 7 | 288 |
| **24** | May pagpapahalaga sa edukasyon | 7 | 295 |
| **25** | May delikadesa | 6 | 301 |
| **26** | Maalaga | 6 | 307 |
| **27** | Maasikaso sa pamilya | 6 | 313 |
| **28** | May respeto sa kapuwa | 6 | 319 |
| **29** | Simpleng pamumuhay | 6 | 325 |
| **30** | Edukado | 5 | 330 |
| | Uniformity Index | | 17.77 |

Ipinakikita sa talahanayan 4 na ang uniformity index sa etnikong estereotipo sa mga Ilocano ay 17.77. Ibig sabihin, kinakailangan ng mga katangiang Ilocano ng frequencies na aabot sa 17.77 para marating ang value na 250.

*Uniformity Index ng mga Etnikong Estereotipo sa mga Itawes*

Ipinakikita sa talahanayan 5 ang komputasyon para sa uniformity index ng etnikong estereotipo sa Itawes.

**Talahanayan 5.** Komputasyon ng uniformity index ng Etnikong Estereotipo sa mga Itawes

| | Mga Katangian | Kabuuang Frequency | Komulatibong Bilang ng mga Pagpipilian |
|---|---|---|---|
| 1 | Sanay sa hirap | 22 | 22 |
| **2** | Masipag | 20 | 42 |
| **3** | Mabait | 16 | 58 |
| **4** | Simpleng pamumuhay | 16 | 74 |
| **5** | Madasalin | 14 | 88 |
| **6** | Masunurin | 14 | 102 |
| **7** | Naniniwala sa mga santo | 12 | 114 |
| **8** | Mapagmahal | 11 | 125 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **9** | Matatag | 11 | 136 |
| **10** | Responsable | 11 | 147 |
| **11** | Disiplinado | 10 | 157 |
| **12** | Maaasahan | 10 | 167 |
| **13** | Malapit sa pamilya | 10 | 177 |
| **14** | Maparaan | 10 | 187 |
| **15** | Maunawain | 10 | 197 |
| **16** | Disiplinado sa mga anak | 9 | 206 |
| **17** | Matulungin | 9 | 215 |
| **18** | Respetado | 9 | 224 |
| **19** | May bayanihan | 8 | 232 |
| **20** | Magalang | 8 | 240 |
| **21** | Maalalahanin | 7 | 247 |
| **22** | Maalaga | 7 | 254 |
| **23** | Maasikaso sa pamilya | 7 | 261 |
| **24** | Madiskarte | 7 | 268 |
| **25** | Maingay | 7 | 275 |
| **26** | Mapamahiin | 7 | 282 |
| **27** | Masayahin | 7 | 289 |
| **28** | Matapang | 7 | 296 |
| **29** | Naniniwala sa tradisyon at kultura | 7 | 303 |
| **30** | May delikadesa | 6 | 309 |
| | Uniformity Index | | 21.43 |

Ipinakikita sa talahanayan 5 na ang uniformity index sa etnikong estereotipo sa mga Itawes ay 21.43. Ibig sabihin, kinakailangan ng mga katangiang Itawes ng frequencies na aabot sa 21.43 para marating ang value na 250.

*Uniformity Index ng mga Etnikong Estereotipo sa mga Ibanag*

Ipinakikita sa talahanayan 6 ang komputasyon para sa uniformity index ng etnikong estereotipo sa Ibanag.

**Talahanayan 6.** Komputasyon ng uniformity index ng Etnikong Estereotipo sa mga Ibanag

| | **Mga Katangian** | **Kabuuang Frequency** | **Komulatibong Bilang ng mga Pagpipilian** |
|---|---|---|---|
| 1 | Gumagawa ng mga salawikain (unoni) at mga bugtong (palavvun) | 28 | 28 |
| 2 | Madasalin | 26 | 54 |
| 3 | Mapamahiin | 18 | 72 |
| 4 | May delikadesa | 16 | 88 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5 | Responsable | 14 | 102 |
| 6 | Naniniwala sa tradisyon at kultura | 13 | 115 |
| 7 | May bayanihan | 12 | 127 |
| 8 | Matulungin | 12 | 139 |
| 9 | Respetado | 12 | 151 |
| 10 | Mabait | 11 | 162 |
| 11 | Matiyaga | 11 | 173 |
| 12 | Magalang | 10 | 183 |
| 13 | Mapagmahal | 10 | 193 |
| 14 | Masipag | 10 | 203 |
| 15 | Disiplinado sa mga anak | 9 | 212 |
| 16 | Matapang | 9 | 221 |
| 17 | Maunawain | 9 | 230 |
| 18 | Sanay sa hirap | 9 | 239 |
| 19 | Disiplinado | 8 | 247 |
| 20 | Maparaan | 8 | 255 |
| 21 | Matatag | 8 | 263 |
| 22 | May pagpapahalaga sa edukasyon | 7 | 270 |
| 23 | May respeto sa kapuwa | 7 | 277 |
| 24 | Simpleng pamumuhay | 7 | 284 |
| 25 | Maaasahan | 6 | 290 |
| 26 | Masunurin | 6 | 296 |
| 27 | May pagkakaisa | 6 | 302 |
| 28 | Naniniwala sa mga santo | 6 | 308 |
| 29 | Konserbatibo | 5 | 313 |
| 30 | Maalalahanin | 5 | 318 |
| | | Uniformity Index | 19.38 |

Ipinakikita sa talahanayan 6 na ang uniformity index sa etnikong estereotipo sa mga Ibanag ay 19.38. Ibig sabihin, kinakailangan ng mga katangiang Ibanag ng frequencies na aabot sa 19.38 para marating ang value na 250.

*Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng Indices ng mga Etnikong Estereotipo*

*Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng Index ng Etnikong Estereotipong Ilocano*

Ipinakikita sa talahanayan 7 ang klasipikasyon ng mga katangiang bumubuo sa etnikong estereotipong Ilocano batay sa talahanayan 1, gayundin ang komputasyon ng pagkapositibo/pagkanegatibo nito.

**Talahanayan 7.** Klasipikasyon ng mga Katangiang Bumubuo sa Etnikong Estereotipong Ilocano at ang Komputasyon ng Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng Index Nito

| | Positibong Katangian | Neutral na Katangian | Negatibong Katangian |
|---|---|---|---|
| Katangiang Kinapapalooban ng mga Estereotipong Ilocano | Masarap magluto ng pinakbet<br>Mabait<br>Madasalin<br>Masipag<br>Maunawain<br>Matapang<br>Disiplinado<br>Matulungin<br>Responsable<br>May bayanihan<br>Madiskarte | | Kuripot<br>Mataray<br>Madaldal |
| Bilang | 11 | 0 | 3 |
| Positibo/Negatibong Index | 11 - 3 = 8 | | |

Ipinakikita sa talahanayan 7 na ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng index ng etnikong estereotipong Ilocano ay 8.

*Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng Index ng Etnikong Estereotipong Itawes*

Ipinakikita sa talahanayan 8 ang klasipikasyon ng mga katangiang bumubuo sa etnikong estereotipong Itawes batay sa talahanayan 2, gayundin ang komputasyon ng pagkapositibo/pagkanegatibo nito.

**Talahanayan 8.** Klasipikasyon ng mga Katangiang Bumubuo sa Etnikong Estereotipong Itawes at ang Komputasyon ng Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng Index Nito

| | Positibong Katangian | Neutral na Katangian | Negatibong Katangian |
|---|---|---|---|
| Katangiang Kinapapalooban ng mga Estereotipong Itawes | Sanay sa hirap<br>Masipag<br>Mabait<br>Simpleng pamumuhay<br>Madasalin<br>Masunurin<br>Naniniwala sa mga santo<br>Mapagmahal<br>Matatag<br>Responsable<br>Disiplinado<br>Maaasahan<br>Malapit sa pamilya<br>Maparaan<br>Maunawain | | |
| Bilang | 15 | 0 | 0 |
| Positibo/Negatibong Index | 15 - 0 = 15 | | |

Ipinakikita sa talahanayan 8 na ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng index ng etnikong estereotipong Itawes ay 15.

*Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng Index ng Etnikong Estereotipong Ibanag*

Ipinakikita sa talahanayan 9 ang klasipikasyon ng mga katangiang bumubuo sa etnikong estereotipong Ibanag batay sa talahanayan 3, gayundin ang komputasyon ng pagkapositibo/pagkanegatibo nito.

**Talahanayan 9.** Klasipikasyon ng mga Katangiang Bumubuo sa Etnikong Estereotipong Ibanag at ang Komputasyon ng Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng Index Nito

| | Positibong Katangian | Neutral na Katangian | Negatibong Katangian |
|---|---|---|---|
| Katangiang Kinapapalooban ng mga Estereotipong Ibanag | Gumagawa ng mga salawikain (unoni) at mga bugtong (palavvun)<br>Madasalin<br>May delikadesa<br>Responsable<br>Naniniwala sa tradisyon at kultura<br>May bayanihan<br>Matulungin<br>Respetado<br>Mabait<br>Matiyaga<br>Magalang<br>Mapagmahal<br>Masipag | | Mapamahiin |
| Bilang | 13 | 0 | 1 |
| Positibo/Negatibong Index | 13 - 1 = 12 | | |


Ipinakikita sa talahanayan 9 na ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng index ng etnikong esteroetipong Ibanag ay 12.

*Komparatibong Pagsusuri*

*Paghahambing sa Tatlong Etnikong Estereotipo*

Makikita sa Pigura 3 ang mga katangiang sumasaklaw sa etnikong estereotipo ng mga Ilocano, Itawes, at Ibanag.

Ipinakikita sa pigura 3 na mayroong dalawang magkaparehong etnikong estereotipo sa mga Ilocano at Itawes, ito ay maunawain at disiplinado. Ang mga Ilocano at Ibanag din ay mayroong dalawang magkaparehong katangian, ito ay matulungin at may bayanihan samantalang, ang sa mga Itawes at Ibanag ay isa lamang, ito ay mapagmahal. Ipinakikita rin sa pigura na apat ang pagkakapareho ng tatlong etnikong pangkat, ito ay madasalin, mabait, masipag, at responsable.




**Pigura 3.** Mga katangiang kapuwa sumasaklaw sa etnikong estereotipo para sa mga Ilocano, Itawes, at Ibanag

*Paghahambing ng Uniformity Indices ng Tatlong Etnikong Estereotipo*

Batay sa talahanayan 4, 5, at 6 ang uniformity index ng etnikong estereotipong Ilocano ay 17.22, habang ang sa Itawes ay 21.43 at ang sa Ibanag naman ay 19.38. Batay sa prinsipyo nina Katz at Braly na kapag mas mababa ang index, mas malinaw ang estereotipo, napagtibay ng pananaliksik na ito na ang etnikong estereotipo sa Ilocano ay mas malinaw ang pagkasang-ayon at ang etnikong estreotipong Itawes naman ang malabo ang pagkasang-ayon.

Makikita naman sa talahanayan 10 ang nakuhang uniformity indeces ng mga nakaraang pag-aaral at ang kasalukuyang pananaliksik. Kung ihahambing ang resulta ng pananaliksik na ito sa ginawa nina Katz at Braley na mayroong 4.60 hanggang 15.90 na uniformity indeces, pati na sa pananaliksik nina Mendoza, et al. na mayroong 16.74 hanggang 27.27 na uniformity indeces, at ang pananaliksik nina Toring, et al. na mayroong 14.60 hanggang 15.60 na uniformity indeces, lumalabas na mas malabo ang etnikong estereotipo ng pananaliksik na ito dahil mayroon itong 17.77 hanggang 21.43 na uniformity indeces maliban na lamang sa etnikong estereotipo sa Tagalog sa ginawang pananaliksik nina Mendoza et al. Mapapansin din na sa etnolingguwistikong pangkat na Ilocano sa ginawang pag-aaral nina Medoza, et al. ay nakakuha ng 16.57 at sa pananaliksik na ito naman ay 17.77 na siyang mayroong pinakamaliit na uniformity index sa parehong pananaliksik na nangangahulugan ng mas malinaw na pagkasang-ayon sa mga katangiang nabanggit.

Kinakailangan ding bigyan ng pansin na magkakaiba ang bilang ng pagpipilian sa bawat pananaliksik subalit hindi naman ito nagkakalayo sa bawat isa. Bukod pa

roon, iba rin ang lunan ng pananaliksik na ito at hindi lamang tumuon sa mga mag-aaral sa isang partikular na unibersidad bagkus sa mga indibidwal na naninirahan mismo sa lungsod ng Tuguegarao at nakasalamuha ang bawat etnikong pangkat na kabilang sa pananaliksik na ito.

Sa paghahambing naman ng bahagdan ng uniformity indices mula sa mga nakaraang pag-aaral at isinagawang pananaliksik na ito, kapansin-pansin sa talahanayan 10 na mas mataas ang bahagdan ng kasalukuyang pananaliksik kompara sa ginawang pag-aaral nina Toring et al. Sa ginawang pag-aaral naman nina Mendoza et al., lumabas na mas mataas ang isinagawang pananaliksik maliban na lamang sa etnolingguwistikong pangkat ng Tagalog. Gayundin, mas mataas ang kasalukuyang pananaliksik sa ginawang pag-aaral nina Katz at Braly sa mga etnolingguwistikong pangkat na Afrikanong Amerikano, Aleman, Hudyo, Italyano, Ingles, Irlandes, at Amerikano. Mapapansin din na sa mga kaparehong pananaliksik nina Mendoza et al., Toring et al., at kasalukuyang pananaliksik na nagsagawa ng locally constructed na talatanungan, kakikitaan ng mataas na bahagdan ang mga pag-aaral na mayrong tatlong etnolingguwistikong pangkat na bahagi sa pananaliksik kompara sa dalawang pangkat lamang ng paghahambing.

*Paghahambing ng Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng Indices ng tatlong Etnikong Estereotipo*

Batay sa talahanayan 7, 8, at 9 ang pagkapositibo at pagkanegatibo ng index ng Ilocano ay 8, habang

**Talahanayan 10.** Paghahambing ng Bahagdan ng Uniformity Indices mula sa mga Nakaraang Pag-aaral at Kasalukuyang Pananaliksik

| Mga Pag-aaral | Lahi/ Etnolingguwistikong Pangkat | Uniformity Index | Pinakamataas na Posibleng Uniformity Index | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|
| Pag-aaral nina Katz at Braly (19333) | Afrikanong Amerikano | 4.60 | 42.00 | 10.95 |
| | Aleman | 5.00 | 42.00 | 11.90 |
| | Hudyo<br>5.50<br>42.00 | | | 13.10 |
| | Italyano | 6.90 | 42.00 | 16.43 |
| | Ingles | 7.00 | 42.00 | 16.67 |
| | Irlandes | 8.50 | 42.00 | 20.24 |
| | Amerikano | 8.80 | 42.00 | 20.95 |
| | Hapones | 10.90 | 42.00 | 25.95 |
| | Tsino | 12.00 | 42.00 | 28.57 |
| | Turko | 15.90 | 42.00 | 37.86 |
| Pag-aaral nina Mendoza, Delena, at Demeterio | Kapampangan | 16.74 | 81.00 | 20.67 |
| | Ilocano | 16.57 | 81.00 | 20.48 |
| | Tagalog | 27.27 | 81.00 | 33.67 |
| Pag-aaral nina Toring, Liwanag, Enaya, Tubigan, at Pedrera | Cebuano Leyteño | 15.60 | 85.00 | 18.36 |
| | Waray Leyteño | 14.60 | 85.00 | 17.18 |
| Kasalukuyang Pag-aaral | Ilocano | 17.77 | 80.00 | 22.21 |
| | Itawes | 21.43 | 80.00 | 26.79 |
| | Ibanag | 19.38 | 80.00 | 24.22 |

ang Itawes ay 15, at ang Ibanag naman ay 12. Mapapansin na positibo ang nakuha ng tatlong etnikong estereotipo na bahagi ng panananaliksik na ito at lumalabas na Itawes ang mayroong pinakapositibo na sinundan ng mga Ibanag at panghuli ang Ilocano. Ang pagkakaroon ng positibong estereotipo ay nagpapakitang nangingibabaw pa rin ang magagandang katangian sa pananaw ng ibang etnolingguwistikong pangkat na sinuri.

*Pagtalakay sa Kabuuang Resulta ng Pananaliksik*

Pagiging kuripot, masarap magluto ng pinakbet, at pagiging mabait ang tatlong pangunahing etnikong estereotipong katangian sa mga Ilocano batay sa mga Itawes at Ibanag. Para sa mga kalahok, ang pagiging kuripot ay isang negatibong katangian subalit ayon kay Andres, sadyang matitipid ang mga Ilocano dahil na rin mas nais nilang gumastos ayon sa pangangailangan at sapat na kadahilanan (33). Sa masarap na pagluluto naman ng pinakbet, ayon kay Jocano, ito ang pinakakilalang lutong gulay ng mga Ilocano. Hinahaluan ito ng bagoong o iba pang pampalasa tulad ng hipon na kaiba sa ibang pamamaraan ng pagluluto sa ibang lugar (87). Pinaniniwalaan din ng mga Ilocano na ang mga pagkain na kanilang iniluluto ay may kaakibat na gawi. Kaya naman hindi sila nagluluto ng pinakbet kapag mayroong pamisa dahil naiuugnay ito sa kamatayan (84). Binigyang diin din sa aklat ni Jocano ang konsepto ng 'pannakikadua' na nangangahulugang kaya niyang kontrolin ang kaniyang galit upang maiwasan ang anomang diskusyon (199). Sa ganitong pamamaraan maituturing na mabait ang isang Ilocano dahil gumagawa siya ng paraan upang hindi na umabot pa sa matinding diskusyon.

Sanay sa hirap, masipag at mabait naman ang tatlong pangunahing etnikong estereotipong katangiang naglalarawan sa mga Itawes batay sa mga Ilocano at Ibanag. Ayon sa mga kalahok, dahil na rin sa lugar kung saan nakatira ang mga Itawes at kanilang pamamaraan ng pamumuhay ay nasanay na ang mga Itawes sa pagbabanat ng kanilang mga buto. Hindi sila agad nawawalan ng pag-asa sa kanilang buhay at masaya pa rin sila kahit na hindi marangya ang kanilang pamumuhay. Lumabas naman sa isinagawang pag-aaral ni Siplac sa mga 'akkahi' o salawikaing Itawes na kadalasang tema sa mga ito ang pagiging masipag at mabait. Parating ipinaaalala sa mga Itawes ang kahalagahan ng pagiging masipag at pagkakaroon ng mabuting pakikitungo sa kapuwa (141–142). Kaya naman kapansin-pansin na ito rin ang nakitang mga pangunahing etnikong estereotipo sa mga Itawes.

Gumagawa ng mga salawikain (unoni) at mga bugtong (palavvun), madasalin at mapamahiin ang tatlong nangungunang etnikong estereotipong katangiang naglalarawan sa mga Ibanag batay sa mga Ilocano at Itawes. Ayon sa pag-aaral ni Cagurangan, lumabas na mayroong 33 mga salawikain (unoni) at 13 mga bugtong (palavvun) ang nakolekta (9). Sinasalamin nito ang kasipagan sa paglikha ng mga pamapanitikang akda tulad nito ng mga Ibanag. Ginagawa nila ito upang magbigay ng aral at paalala sa isa't isa. Ayon sa aklat ni Gatan, karamihan sa mga Ibanag ay Katoliko at kung mayroon mang hindi Katoliko ay napakakaunti lamang. Mayroong pagkakataon na ipinapasa ng mga magulang sa kanilang mga anak ang kanilang relihiyon dahil ito ang nararapat sa halip na dahil ito ang pinaniniwalaan. Gayunman, regular pa ring dumadalo ang mga Ibanag sa mga misa at taimtim na nananalangin (23–24). Ayon naman sa isinagawang pag-aaral ni Yabes, napatunayan niyang napakamapamahiin ng mga Ibanag. Sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay, mula pagbubuntis hanggang sa paglilibing, mayroong pamahiin na pinaniniwalaan (34). Dagdag pa ni Gatan, maliban sa Panginoon ay pinaniniwaalan din ng mga Ibanag ang mga anito na kanilang nakasasalamuha araw-araw (110).

Ang pagiging madasalin, mabait, masipag, at pagiging responsable ang mga pangunahing pagkakaparehong etnikong estereotipong katangian ng mga Ilocano, Itawes, at Ibanag. Masasabing dahil sa pandarayuhan at matagal na pakikisalamuha ng mga ito sa isa't sa Lungsod ng Tuguegarao, nagkaroon na sila ng mga pagkakapareho ng katangiang estereotipo. Ayon sa pag-aaral ni Tamayao, ang pag-aasawa ng mga Ilokano ng mga Itawes at Ibanag ay nagkaroon ng mga pagbabago sa kanilang mga sarili batay sa mga gawi na mayroon ang kanilang napangasawa (37). Binibigyang diin lamang nito na malaking salik ang interaksiyon sa bawat isa upang makabuo ng mga dominanteng etnikong estereotipong maglalarawan sa tatlong magkakaibang pangkat.

## KONGKLUSYON

Napag-alaman sa pananaliksik na ito na batay sa mga Itawes at Ibanag, ang mga nangungunang etnikong estereotipo ng mga Ilocano ay kuripot, masarap magluto ng pinakbet, mabait, madasalin, masipag, maunawain, matapang, mataray, disiplinado, matulungin, responsable, may bayanihan, madaldal, at madiskarte. Ang pananaw naman ng mga Ilocano

at Ibanag sa mga Itawes ay sanay sa hirap, masipag, mabait, simpleng pamumuhay, madasalin, masunurin, naniniwala sa mga santo, mapagmahal, matatag, responsable, disiplinado, maaasahan, malapit sa pamilya, maparaan, at maunawain. Samantalang lumabas naman na para sa mga Ilocano at Itawes, ang mga etnikong estreotipo para sa mga Ibanag ay gumagawa ng mga salawikain (unoni) at mga bugtong (palavvun), madasalin, mapamahiin, may delikadesa, responsable, naniniwala sa tradisyon at kultura, may bayanihan, matulungin, mabait, matiyaga, magalang, mapagmahal, at masipag.

Napag-alaman din sa pananaliksik na ito na pareho ang mga Ilocano at Itawes at, Ilocano at Ibanag na mayroong dalawang bilang ng katangiang magkahalintulad. Lumalabas din na ang tatlong etnolingguwistikong pangkat ay mayroong apat na magkakahalintulad na katangian at ito ay ang pagiging madasalin, mabait, masipag, at responsable.

Binibigyang pansin din ng pananaliksik na ito na batay sa uniformity indeces ng tatlong etnolingguwistikong pangkat, lumalabas na sa mga Ilocano ang mayroong pinakamalinaw na pagkasang-ayon at sa mga Itawes naman ang mayroong pinakamalabong pagkasang-ayon.

Mapapansin na wala pa sa kalahati ng mga etnolingguwistikong pangkat ang nagsabi ng mga pangunahing etnikong estereotipong katangian kaya naman hindi maaaring gawing pangkalahatan ang mga katangiang naibigay sa bawat pangkat. Ang katangi-tanging katangian lamang na nakakuha ng 50% ng kabuuang bilang ng mga kalahok ay ang pagiging kuripot ng mga Ilocano na kahalintulad din sa naisagawang pananaliksik nina Mendoza et al.

## SANGGUNIAN


Andersen, Susan M., Klatzky, Roberta L., at Murray, John, "Traits and Social Stereotypes: Efficiency Differences in Social Information Processing." *Journal of Personality and Social Psychology,* Tomo 59, Blg. 2, 1990, mp. 192–201. Web.

Andres, Tomas Quintin Donato. *Understanding Ilocano Values.* Giraffe Books, 2003.

Berreman, Joel, "Filipino Stereotypes of Racial and National Minorities." *The Pacific Sociological Review,* Tomo 1, Blg. 1, 1958, mp. 7–12. Web.

Brigham, John, "Ethnic Stereotypes." *Psychological Bulletin,* Tomo 76, Blg. 1, 1971, mp. 15–38. Web.

Cagurangan, Ma Leonora. "The prevailing beliefs and practices of the Ybanags as revealed in their folk literature." *Bannag: A Journal of Local Knowledge,* Tomo 1, Blg.1, 2014, mp. 19–31. Web.

Gardner, Richard C., "Ethnic Stereotypes: The Role of Contact." *Philippine Journal of Psychology,* Tomo 2, Blg.1, 1969, mp. 11–24. Web.

---. "Stereotypes as Consensual Beliefs." *The Psychology of Prejudice: The Ontario Symposium*, mga ed. Mark. P. Zanna, at James. M. Olson, Lawrence Erlbum Associates Inc., 1994, mp. 1–29. Web.

Izumi, Yutaka, at Hammonds, Frank. "Changing Ethical/Racial Stereotypes: The Roles of Individuals and Groups." *Social Behavior and Personality,* Tomo 35, Blg.6, p2007, mp. 845–852. Web.

Jocano, Felipe Landa, et al. *The Ilocano: an Ethnography of Family and Community Life in the Ilocos Region.* Asian Center, University of the Philippines, 1982.

Katz, Daniel at Braly, Kenneth, "Racial Stereotypes of One Hundred College Students." *Journal of Abnormal and Social Psychology,* Tomo 283, 1933, mp. 280–290. Web.

Lippmann, Walter. *Public Opinion*. 1 Transaction publishers, 2004.

Mapa, Dennis S. *Highlights of the Region II (Cagayan Valley) Population 2020 Census of Population and Housing (2020 CPH)*, Philippine Statistics Authority, Released Date August 23, 2021. Web.

Mendoza, Jeanette P., Mary Irene Clare O. Deleña, at F.P.A. Demeterio III. "Comparative Study on the Ethnic Stereotypes of the Kapampangan, Ilocano, and Tagalog Students of Tarlac State University." *Mabini Review*, 2019, mp. 39–66. Web.

Siplac, Grace. "Elucidating the Translated Itawes Proverbs: A Communicational Appproach." *International Journal of Arts, Sciences and Education,* Tomo 2, Blg.1, 2021, mp. 132–144. Web.

Tamayao, Antonio I. "The Role of Linguistic Capital in Filipino Ethnic Intermarriage and Identity: A Bourdieaun Analysis." *Language and Culture: Creating and Fostering Global Communities: 7th International Conference by the School of Language Studies & Linguistics Faculty of Social Sciences and Humanities, Universiti Kebangsaan Malaysia,* 5–6 May 2009, 2009, mp. 35–53. Web.

Toring Jr., Romeo J., Leslie Anne L. Liwanag, Mary Grace P. Enaya, Precious Elaine D. Tubigan, at Hilda A. Pedrera. "Isog ka?": Komparatibong pananaliksik sa mga etnikong estereotipo sa mga Cebuano at Waray sa Visayas State University. *Social Science Diliman*, Tomo 15, Blg. 2 , 2019, mp. 28–51. Web.

Tuguegarao City Government, "City Profile." Inakses Enero 12, 2022.

Yabes, Jose F. *A Compilation of Ibanag Superstitious Beliefs and Practices*. 1966. De La Salle University, AB Liberal Arts.

**Apendiks A**

**160 Listahan ng mga Katangiang Bahagi ng Pananaliksik na Ito**

Bayanihan
Delikadesa
Determinado
Direct to the point magsalita
Disiplinado
Disiplinado sa mga anak
Edukado
Gagawin ang lahat para sa kapamilya
Gastador
Gumagawa ng mga salawikain (unoni) at rmga bugtong (palavvun)
Guwapo
Inggitera
Interesadong matuto
Kagalang-galang
Komportable
Konserbatibo
Kuripot
Maaasahan
Maalaga
Maalalahanin
Maarte
Maasarin
Maasikaso sa pamilya
Maawain
Mabagal kumilos
Mabaho
Mabait
Mabait pero iba kung magalit
Mabait sa asawa
Mabango
Mabilis gumalaw
Mabilis magsalita
Mabuting tao
Madaldal
Madamot
Madasalin
Madiskarte
Magagalitin
Magalang
Magaling makipagdebate
Maganda
Maganda ang boses
Maganda ang samahan ng magkakamag-anak
Magarbo
Magiliw
Magiliw tumanggap sa panauhin
Magsasaka (pangunahing ginagawa)
Magulo
Magulo ang pag-iisip
Mahilig kumain ng gulay
Mahilig kumain ng pansit
Mahilig magharana
Mahilig magluto
Mahilig magtanim ng gulay
Mahilig makihalubilo sa kapitbahay
Mahilig sa mga selebrasyon/ okasyon
Mahinahon magsalita
Mahinhin
Mahirap intindihin ang kanilang wika
Mahiyain
Mahiyain sa mga babae
Mahusay magluto ng panghimagas at pampaganang pagkain
Maingay
Maitim
Makabansa
Makapal ang pagmumukha
Makasarili
Makatao
Malambing
Malambing magsalita
Malapit sa pamilya
Malawak ang pananaw
Malinis
Malinis ang pagkatao
Malumanay magsalita
Mapagbigay
Mapagkumbaba
Mapagmahal
Mapagmalasakit
Mapagpahintulot
Mapagpasensiya
Mapagpatawad
Mapagtimpi
Mapamahiin
Mapangarap
Mapanghusga
Maparaan
Mapili sa pagkain
Maraming sinasabi sa likuran
Marunong bumisita
Marunong ilagay ang sarili sa tama
Marunong magbiro
Marunong makihalubilo sa kapuwa
Marunong sa buhay
Masakripisyo
Masarap magluto ng pinakbet
Masayahin
Masiba
Masikap
Masinop sa buhay
Masipag
Masipag mag-aral
Masipag magtanim
Masungit
Masunurin
Mataas ang pride
Mataba
Matalino
Matangkad
Matangos ang ilong
Matapang
Matapang kung magsalita
Matapat
Mataray
Matatag
Matatakutin
Matibay sa pagsasamahan
Matigas ang pagsasalita
Matiisin
Matipid

Matiyaga
Matulungin
Maunawain
May isang salita
May pagkakaisa
May pagpapahalaga sa
edukasyon
May pagpapahalaga sa pamilya
May paninindigan
May respeto sa kapuwa
Mayabang
Mayaman
Nagbibihis ng makulay
Nagtatanim ng sama ng loob
sa kapuwa
Nakikipagkompetensiya sa
mga kapitbahay
Nakikisabat kahit hindi
kinakausap
Naniniwala kaaagad sa mga
naririnig
Naniniwala sa mambabarang
Naniniwala sa mga santo
Naniniwala sa tradisyon at
kultura
Pabalang magsalita
Pakialamera
Palaaway
Palaban
Palabiro
Palaging nagbibigay ng payo
sa anak
Palakaibigan
Pandak
Pangit
Parang ibon kung magsalita
Payat
Positibo ang pananaw
Respetado
Responsable
Sanay sa hirap
Simpleng pagdiriwang ng
mga okasyon
Simpleng pamumuhay
Tahimik
Tamad
Tsismosa
Wais gumastos sa pera

**Apendiks B**

**Listahan ng mga Katangiang Batay sa Pagkapositibo, Neutral, at Pagkanegatibo Nito**

| Positibo | Neutral | Negatibo |
|---|---|---|
| Bayanihan | Direct to the point magsalita | Gastador |
| Delikadesa | Gagawin ang lahat para sa kapamilya | Inggitera |
| Disiplinado | Komportable | Kuripot |
| Disiplinado sa mga anak | Konserbatibo | Maarte |
| Determinado | Mabait pero iba kung magalit | Maasarin |
| Edukado | Mabilis magsalita | Mabagal kumilos |
| Gumagawa ng mga salawikain (unoni) at mga bugtong (palavvun) | Mahilig kumain ng pansit | Mabaho |
| Guwapo | Mahilig magharana | Madaldal |
| Interesadong matuto | Mahilig makihalubilo sa kapitbahay | Madamot |
| Kagalang-galang | Mahilig sa mga selebrasyon/okasyon | Magagalitin |
| Maaasahan | Matapang kung magsalita | Magarbo |
| Maalalahanin | Matiisin | Magulo |
| Maalaga | Nagbibihis ng makulay | Magulo ang pag-iisip |
| Maawain | Palaban | Mahirap intindihin ang kanilang wika |
| Maasikaso sa pamilya | Parang ibon kung magsalita | Mahiyain |
| Mabait | Payat | Maingay |
| Mabait sa asawa | Sanay sa hirap | Maitim |
| Mabango | Tahimik | Makapal ang pagmumukha |
| Mabilis gumalaw | | Makasarili |
| Mabuting tao | | Mapamahiin |
| Madasalin | | Mapanghusga |
| Madiskarte | | Mapili sa pagkain |
| Magalang | | Maraming sinasabi sa likuran |
| Magaling makipagdebate | | Masiba |
| Maganda | | Masungit |
| Maganda ang boses | | Mataas ang pride |
| Maganda ang samahan ng magkakamag-anak | | Mataba |
| Magsasaka (pangunahing ginagawa) | | Mataray |
| Magiliw | | Matatakutin |
| Magiliw tumanggap sa panauhin | | Matigas ang pagsasalita |
| Mahinhin | | Mayabang |
| Mahilig kumain ng gulay | | Nakikipagkompetensiya sa mga kapitbahay |
| Mahilig magluto | | Nakikisabat kahit hindi kinakausap |
| Mahilig magtanim ng gulay | | Nagtatanim ng sama ng loob sa kapuwa |
| Mahinahon magsalita | | Naniniwala kaaagad sa mga naririnig |
| Mahusay magluto ng panghimagas at pampaganang pagkain | | Naniniwala sa mambabarang |
| Makabansa | | Pabalang magsalita |
| Makatao | | Pakialamera |
| Malambing | | Pandak |
| Malambing magsalita | | Palaaway |
| Malapit sa pamilya | | Palabiro |
| Malawak ang pananaw | | Pangit |
| Malinis | | Tamad |
| Malinis ang pagkatao | | Tsismosa/Tsismoso |
| Malumanay magsalita | | |
| Mapagbigay | | |